Sa lahat ng mga may tindahan sa lungsod ng Kani


# Impormasyon tungkol sa pagre-recruit na makilahok ang mga may tindahan (dealer) para sa lokal na pera ng Kani City na "K Money"

Ang "K-Money ng Lungsod ng Kani" ay isang sistema kung saan ang mga **mamamayan, negosyo at pamahalaan ay nagtutulungan upang suportahan ang isang lipunang nahaharap sa pagbaba ng bilang ng mga ipinapanganak at tumatandang populasyon, habang binubuhay din ang lokal na ekonomiya.**

Alinsunod dito, ang Kani Chamber of Commerce and Industry na kinomisyon ng Kani City ay naghahanap ng mga tindahang makikipagtulungan(mga tindahang lalahok) na maaaring tumanggap ng "K-Money ng Kani City" gaya ng inilalarawan sa ibaba.Hinihikayat namin kayong aktibong lumahok sa inisyatibong ito na mailalarawan din bilang isang pagkakataon para sa kontribusyon sa lipunan at pagpapataas ng benta.

■Tungkol sa Lokal na Pera ng Kani City na "K-Money"

●Daloy ng K-Money




Ang K-Money na natanggap na bayad mula sa mga customer ay dadalhin sa lokal na bangko na nakarehistro bilang isang exchange account at ang halagang may bawas ng social contribution cooperation fee※1 na 1% ay idedeposito sa rehistradong exchange account sa ikalawang araw(araw na may pasok) ng bangko.

※1・・・Ito ay gagawing pondo para magamit upang masuportahan ang pagpapatakbo ng proyektong ito at makatulong din sa mga boluntaryong nagtatrabaho sa Kani City.

※Simula Mayo 1,2020 hanggang sa susunod na abiso,sinuspinde namin ang pag-aambag ng mga pondo para sa mga boluntaryong aktibidad ng aming mga kasosyong tindahan.

●Premium benefits　Tinutukoy nito ay ang serbisyo(libreng bagay) gaya ng dobleng puntos o dessert para sa mga gumagamit ng K Money.Ang pagbibigay ng anumang premium benefits ay ipinapaubaya namin sa mga kalahok na tindahan.**Sa pamamagitan ng pagtatakda ng premium benefits ng bawat kalahok na tindahan, nagdudulot ito ng magandang atraksyon ng tindahan at pagdami ng mga customer.**Mahigit sa 30% ng mga kalahok na tindahan ang may itinatag na premium benefits.

＊Tignan sa HP ang detalye ng mga premium benefits.

■Pag-recruit ng mga lalahok na tindahan

●Panahon ng pagtanggap　Tatanggapin anumang oras

●Kwalipikasyon sa paglahok　Negosyong matutugunan ang mga sumusunod na kundisyon.
① Nasa Kani City nakatayo ang negosyo/tindahan
② Negosyanteng hindi lumalabag sa pampublikong kaayusan at maayos na kaugalian

●Paraan ng pag-apply　Ipadala gamit ang post mail o i-FAX ang "Registration Form" sa Kani Chamber of Commerce and Industry

●Atbp.　1.Pagkatapos matanggap ang aplikasyon sa pagpapaparehistro, ipapadala namin ang 'Registration Decision Notice at Mga Materyales para sa Mga Kalahok na Tindahan'.
※Kapag dumating na ito, maaari nang simulan ang pagtanggap ng K-money.
2.Ang buwanang petsa ng pag-update ng rehistrasyon (pagrehistro ng

account para sa pagtubos ng pera, paglalathala sa HP o flyers, atbp.) ay isa sa mga sumusunod. (Mangyaring tandaan na hindi maaaring magpalit ng pera hanggang sa pag-update)

①Ang aplikasyon hanggang ika-20 ay ia-update sa unang araw ng kasunod na buwan

②Ang aplikasyon hanggang ika-5 ay ia-update sa ika-15

※Kung ito ay Sabado, Linggo o holiday, ito ay sa susunod na araw ng negosyo.

## Tungkol sa Pagsulat ng 'Registration Form' ng Tindahang Lalahok sa Lokal na Perang K-Money

### ■『Registration Form』

・Ito ang dokumento para makapagpa-rehistro ang lalahok na negosyo.

※Kung maraming tindahan ang hawak, sapat na ang isang form lang ang punan. Gayunpaman,kung magrerehistro ng account para sa pagtubos ng pera ng mga tindahan, kinakailangang irehistro isa-isa ang bawat tindahan.

・Mangyaring isulat sa form ang e-mail address para ito ang magamit kapag may mga nais ipaalam sa mga kalahok na tindahan.

・Mangyaring tandaan na ang bank account para sa pagtutubos ng pera ay limitado lamang sa mga sangay o tanggapan na itinakda ng Lungsod ng Kani.

・Isulat ng maayos ang pangalan at furigana gaya ng nakasulat sa bangko.